Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
Office of the Schools Division Superintendent

17 FEB 2022

DIVISION MEMORANDUM
No. 126 , s. 2022

**DEPED ICTS - EDTECH UNIT OFFICIAL NEWSLETTER: EDTECHAYAGAN**

To: Assistant Schools Division Superintendents
Chiefs, CID and SGOD
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors/ DICs
Elementary and Secondary School Heads
All Others Concerned

1. The Office of the Undersecretary for Administration (OUA), through the Information and Communications Technology Service – Educational Technology Unit (ICTS – EdTech), introduces **EDTECHAYAGAN**, a Tagalog online newsletter that comprises the unit's accomplishments and will be published once a month.

2. In this regard, teaching and non-teaching field personnel are enjoined to download a copy of DepEd ICTS - EdTech's Official Newsletter through this link: **https://tinyurl.com/edtechayagan1**, to be well informed and be updated with ICT related projects and events.

3. Attached is the copy of the first issued newsletter.

4. Immediate dissemination and compliance with this Memorandum is enjoined.

**SENEN PRISCILLO P. PAULIN, CESO V**
Schools Division Superintendent
2/17/22

SPP/OSDS-ICT/RVG/gao

**Address:** Kagawasan Avenue, Capitol Area, Daro, Dumaguete City
**Telephone Nos.:** (035)225-2838 / 225-2376 / 422-7644
**Email Address:** negros.oriental@deped.gov.ph

#71
R: 2/14/2022

TOMO 1 • ISYU 1
PEBRERO 15, 2022



# EdTechayagan

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

## ICTS-EDTECH TEACHERS, MAY DETALYADONG ASSIGNMENT NA!

*Adriyel M. Santiago*





Sinimulan na ng Department of Education (DepEd) ang implementasyon ng mga iminungkahing tungkulin ng Office of the Undersecretary for Administration (OUA) para sa mga piling guro na maging kabilang sa Information and Communications Technology Service - Educational Technology Unit (ICTS-EdTech) nitong ika-3 ng Enero, 2022 na paiiralin sa loob ng isang taon.

Naglabas ng detalyadong gawain bilang dagdag polisiya sa programang EdTech Unit ang OUA sa pangunguna nina Undersecretary Alain Del B. Pascua, ICTS Director IV Abram YC. Abanil, ICTS- EdTech Unit Head Mark Anthony C. Sy, Senior Technical Assistants III na sina Gng. Joy G. Salazar at G. Raymond B. Casama, at Project Development Officer III na si Bb. Divina D. David, na naglalayong panatilihin ang kaunlaran sa paggamit ng makabagong teknolohiya ng mga guro at mag-aaral tungo sa pandaigdigang kalidad ng digital literacy and learning sa bansa.

Alinsunod sa pitong EdTech Unit Strands, pangangasiwaan ito ng mga Team Leader na sina G. Mark Anthony F. Papa para sa Digital Gateway Development Team na magbibigay ng access sa maayos na daloy at oportunidad sa ginawang Massive Open Online/Offline Courses (MOOC), Gng. Rowena A. Reyes para sa Certification, and Professional Development Team na nakatalagang subaybayan ang epektibong paggamit ng mga DepEd Computerization Program (DCP) packages at masigurong makakuha ng international certification ang mga kuwalipikadong guro, G. Neil Arvin Bautista sa Multimedia Team na siyang susuporta sa pagbuo ng mga animation, banner, infomercial, advertisement, at advocacy film na magpapaigting sa mga kakayahang dulot ng K-12 Curriculum.

sundan sa pahina 2

mula sa pahina 1



ng mga traditional classroom patungo sa mga Digital Classrooms, at si G. Sherwin G. Lomeda naman para sa Digital Instructional Materials Development Team na magiging tulay upang walang maiiwanan sa bagong sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng mga Open Educational Resources (OERs) at mobile gamified applications para sa nakakaengganyong pag-aaral na bukas at epektibo may internet ka man o wala.

Kasama rin sina G. Salvador E. Manansala na lider ng Broadcast Media and Streaming Team na sisiguro sa maayos na kalidad ng mga bidyo mula sa paggawa nito, pagdedeliber, pagpapaunlad, at hanggang sa pagsasahimpapawid sa mga streaming sites ng DepEd, partikular na sa DepEd TV at DepEd Radio, at si Gng. Aprellene B. Marquez para naman sa Social Media, Partnerships, and Documentation Team na titiyak sa reyalisasyon at pagsulong ng mga proyekto at programa sa tulong ng mga stakeholders, ibang mga ahensiya ng pamahalaan at DepEd Offices.

Mangunguna si G. Raymond B. Casama sa Classroom of the Future Team na magsasaayos sa mga kakayahan na kinakailangan ng mga guro at mag-aaral bilang paghahanda upang maisagawa ang malawakang ICT-based na paraan ng pagtuturo at pagsisiguro sa maayos na transisyon

Nakatakdang maisakatuparan ng ICTS-EdTech ngayong taon ang modernong gawi sa edukasyon gamit ang mga makabagong kagamitan, software application, at pagpapaunlad kasanayan sa ICT na maghahanda sa mga gurong Pilipino upang maipasa ang mga internasyunal na kredensiyal, makapagprodyus ng mga world class na bidyong pagtuturo, maabot ang mga lugar na walang internet, at pandaigdigang pagkilala mula sa mga respetadong institusyon sa larangan ng ICT at teknolohiya. Sama-sama nating yakapin ang pagbabago tungo sa maunlad at maningning na kinabukasan para sa bawat guro at kabataang Pilipino.

# PAGCONVERT NG PANGASINAN SELF-LEARNING MODULES SA ELECTRONIC MODULES, TAPOS NA!

*Aprellene B. Marquez*



Hangad ng DepEd ICTS-EdTech Unit ang maihatid ang dekalidad na serbisyo sa mga kaguruan at mga mag-aaral. At nitong naranasang paglaganap ng pandemya dahil sa COVID-19, malaki ang naitulong ng iba't ibang Official DepEd Online Platforms. Isa na rito ang DepEd Commons kung saan matatagpuan ang mga libreng supplementary materials.

Pinangunahan ni Undersecretary Alain Del B. Pascua ang pagbuo sa DepEd Commons bilang tugon na maiabot sa bawat mag-aaral ang kagamitang panturo na maaaring ma-access kahit walang load. At ngayong Enero 2022, umabot na sa mahigit 13 milyong unique users and aktibong gumagamit nito mula sa pampubliko at pribadong paaralan.

Nais nating mapayabong ang mga uploaded learning materials sa DepEd Commons kaya naman nabuo ang kauna-unahang pag-aaral para sa Innovation Project na ito, ang "Project Key: The Creation of Electronic Modules in Mother Tongue Based – Multilingual Education of K to 12 Basic Education Curriculum."

Ang SDO-La Union para sa Iloko at SDO-San Carlos City naman para sa Pangasinense. Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng different stages. At ngayong buwan ng Enero ay natapos ng iconvert ang Quarter 1, Pangasinan Self-Learning Modules mula sa Kindergarten hanggang sa Ikatlong Baitang.

# BAGONG TAON, BAGONG KAALAMAN

| Ariel A. Delos Santos at Shella Mae W. Pareja




Pinangunahan ng DepEd ICTS-EdTEch Unit ang taong 2022 sa pamamagitan ng isang virtual training-workshop tungkol sa paggamit ng Android-based electronic modules at digitization ng mga gamified resources noong ika- 15 ng Enero 2022. Layunin ng Digital Instructional Materials Development Team ng EdTech Unit na maturuan ang lahat ng mga guro na makagamit ng tama at matutuhan ang paglikha ng sarili nilang Android-based at gamified instructional materials na gagamitin sa pagtuturo, maging ito ay sa distance learning o face-to-face na pamamaraan. Ang mga EdTech Specialist na sina Dr. Rosemarie Abecia ng SDO-Bulacan at G. Ariel A. Delos Santos ng SDO-Las Piñas ang nagsilbing tagapagdaloy ng palatuntunan. Ayon kay G. Mark Anthony C. Sy - Head ng ICTS-EdTech, sa kaniyang pambungad na pananalita, ang mga kasanayang matututuhan ng mga guro ay paniguradong magagamit upang mas maging interaktibo, masaya at epektibo ang pagtuturo sa mga mga mag-aaral na kaalinsunod sa paraan din sa paggamit ng ICT sa iba't ibang paaralan sa mundo.

Ang mga mahuhusay na EdTech Specialist na sina Bb. Sara Jane C. Sarino ng SDO-Puerto Princesa City, G. Ariel A. Delos Santos mula sa SDO-Las Piñas, G. Rainier G. De Jesus ng SDO-Caloocan at ang lider ng Digital Instructional Materials Team na si G. Sherwin G. Lomeda ng SDO-Muntinlupa ang tumalakay tungkol sa DepEd Commons kung saan matatagpuan ang mga interaktibong kagamitang panturo. Naturuan ang mga guro kung paano mag-login, mag-download at mag-transfer ng mga resources mula sa DepEd Commons. Sinundan ito ng pagtuturo ni G. Mark Anthony C. Sy ng mga kasanayan upang makalikha ng gamified version ng mga gawain na matatagpuan sa quality assured Self-Learning Modules at Alternative Delivery Mode ng DepEd. Malinaw na ipinakita ni G. Mark Anthony C. Sy ang paggamit ng AppsGeyser upang maayos na masundan ito ng mga guro. Marami ang namangha, nagulat at nasiyahan ng kanilang malaman na kaya rin nilang makagawa ng sariling mobile application. Bumuhos sa comment section ng live stream ang pasasalamat at paghanga sa EdTech Unit dahil dito. Bahagi naman ng pangwakas na pananalita ay ang hamon ni G. Abram Y.C. Abanil- Director IV ng ICTS, sa mga guro na gamitin sa aktuwal na pagtuturo ang lahat ng kanilang natutuhan upang mahasa pa ang kanilang kasanayan sa ICT.







Sa bisa ng OUA Memo 00-0122-0026, naisakatuparan ang nasabing gawain na dinaluhan ng mahigit sa sampung libong guro sa pamamagitan ng live streaming sa DepEd EdTech Unit Facebook Page at Official YouTube Channel. Sa kasalukuyan ay may mga guro pa rin na kabilang sa tinatawag na "Team Replay" ang patuloy na nanonood upang makahabol sa pagkatuto. Nakapagtala na ito ng mahigit 200,000 impressions at mahigit naman sa 195,000 people reached sa Facebook Live at mahigit sa 5,300 views naman sa EdTech Unit Official YouTube Channel.

Sa ngayon, patuloy ang pag-aaral ng ICTS-EdTech Unit sa iba pang mga kagamitang panturo upang mabisang maitawid ang pagkakatuto ng ating mga mahal na mag-aaral, may pandemya man o wala. Ito ay bahagi ng aming pangarap na maisulong ang dekalidad na edukasyon para sa pinakamamahal nating Pilipinas.

# ANG GOOGLEY FILIPINO TEACHER

*Rubilyn C. Pastrano*




Gaano kalawak ang mga posibilidad at naaabot ng online training? Lahat ba ng guro at mag-aaral ay nabigyan na ng pagkakataong mahasa sa mas maayos at matatag na kaparaanan ng blended learning system?

Kung ikaw ay bago o dalubhasa sa paggamit ng Google Workspace for Education Tools/ Applications, minsan may ilang mga bagay na hindi mo alam tungkol dito. Sa pahintulot ng Office of the Undersecretary for Administration sa pamamagitan ng Information and Communications Technology Service - Educational Technology Unit, at sa pakikipagtulungan sa Google for Education ay inihatid ang programang, "The Googley Filipino Teacher Training Series" tuwing ika-7:00 hanggang ika-8:30 ng gabi, Miyerkoles, mula Nobyembre 17, 2021 hanggang Abril 6, 2022.




Layunin ng programang ito na mahasa at mapatatag ang kakayahan ng mga guro sa mga Google educational tools and applications partikular sa DepEd na sinimulan ng dating Google Program Lead sa EdTech Unit, Gng. Rowena A. Reyes, na ngayon ay Supervising Educational Technology Specialist sa Certification and Professional Development Team. Sa kasalukuyan, ang serye ay nasa pamamahala ni G. Rainier G. de Jesus, EdTech Project Lead ng Google Education na nagmula sa SDO-Caloocan.

Ang mga paksa na natalakay na ng mga mahuhusay na mga Google Certified Trainer at Innovator ay mapapanood sa YouTube Channel at Facebook Page ng ICTS-Educational Technology Unit. Narito ang mga paksang natalakay:

1. Google Sites: Virtual it up (Toni Joana Marie Jaluague)
2. 7 Google Classroom Hacks that Every Teacher Should Know (Conrad Francis E. Capule)
3. Google Workspace for Work Productivity (Romeo A. Rabajante Jr.)
4. SQUID GAME: Securing Quality Instructional Design using Google Applications for Meaningful Experiences (Marge Joseph C. Sardo)
5. Mail-Merge with AutoCrat (Catherine P. Pablo)
6. Project ALLIE (Alternative Learning and Instructional Environment using Google Sites (Aldrine Y. Teleron)
7. Gamify Learning with Google Slides (Kathrine Jane L. Ople)
8. OCO - One Click Okay (Sherwin G. Lomeda)
9. 50 Things That You Can Do with Google Classroom (Randolph Musni Balleras)
10. Going Optimistic in Utilizing Google Application for Greater Learning Experiences (Micah Joy Mitra)
11. 5Es with Google Slides (June B. Maog)
12. The Power of Google Workspace for Educational Tools in Distributing Student Report Card (Michelle Cassandra B. Calanog).

Ang sunud-sunod na pagsasanay ay bukas sa lahat ng pampubliko at pribadong guro at maging sa mga mag-aaral upang maka-agapay at makatulong sa synchronous online learning, virtual meeting, at maihanda ng mga guro para sa hybrid learning sa pagbabalik ng mga klase. Bukod pa rito, tiyak na mapapabuti ng kada serye ang mga plano at paghahatid ng mga aralin ng guro sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba't ibang kagamitang panturo sa tulong ng mga applications na magpapataas sa digital literacy skills ng mga gumagamit nito. Ang oportunidad sa pagkatuto ng mga bagong kaalaman tungkol sa ICT ay nasa dulo lamang ng ating mga daliri. Click and Learn with Google Workspace for Education Fundamentals.



# ETULAY ONLINE TUTORIAL, GABAY SA PAGKATUTO NG BAWAT KABATAANG PILIPINO


*Jester M. Pagkaliwagan*

**PLEASE LIKE, SUBSCRIBE, & SHARE MGA KA-ETULAY!**




Sa kabila ng mga hamon sa edukasyon dahil sa pandemya ay patuloy na gumagawa ng paraan ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang maipagpatuloy at masiguro na maibahagi ang nararapat na pagkatuto sa mga mag-aaral nito. Isa na rito ang programa ng ICTS-Educational Technology Unit, ang ETUlay. Ito ay isang libreng Online Tutorial na kung saan ipinakikita ang mga aralin at tinutulungan ng mga guro o tutors ang mga mag-aaral na sagutin ang kanilang mga modyul sa pamamagitan ng panonood sa mga serye ng live educational video mula Kinder hanggang Grade 12. Mapapanood ang mga sesyon ng ETUlay Online Tutorial, Lunes hanggang Biyernes mula ika-9 ng umaga hanggang ika-7 ng gabi at Sabado mula ika-9 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali sa sariling Facebook Page at YouTube Channel nito. Lahat ng asignatura ay mayroon dito kabilang na ang mga Special Programs. Nakabase sa Most Essential Learning Competencies o MELCs ang lahat ng modyul kaya't tiyak na matututuhan pa rin ng mga mag-aaral ang kanilang required competencies.





Kahalintulad ng nangyayari sa loob ng silid-aralan, mayroong interaksiyong nagaganap sa pagitan ng online tutor at online tutee. Bawat mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataong sumagot sa mga aralin sa pamamagitan ng pagkomento sa comment section ng social media accounts nito. Ang mga tutors ng ETUlay ay nagmula pa sa iba't ibang panig ng bansa at boluntaryong humaharap sa web camera upang makapaglingkod sa mga kasapi lalo't higit sa mga mag-aaral. Ang panonood ng mga sesyon nito ay magandang pagkakataon upang magkaroon ng bonding moments sa mga magulang at kanilang mga anak.

Ang ETUlay Online Tutorial ay isa lamang sa mga programa ng ICTS-Educational Technology Unit upang matugunan ang mga suliranin sa distance learning. Ang mga programang tulad nito ay mananatili kahit pa matapos na ang pandemya at magkaroon ng face-to-face classes dahil bahagi ito ng inobasyon o pagbabago sa larangan ng edukasyon upang maabot ang nais matuto saan ka man sa mundo.

Huwag nating gawing komplikado ang pagkatuto, ETUlay natin ito.

# DEPED COMMONS AT DLMS: ABOT-KAMAY ANG KAALAMAN!

*May Antonette G. Magwili*

Pinalawak ang pagpapaigiting sa kalidad na edukasyon ng Department of Education (DepEd) sa pamamagitan ng pagbuo at implementasyon ng DepEd Commons at DepEd Learning Management System (DLMS) na maaaring magamit ng bawat guro at mag-aaral sa buong bansa na alinsunod sa DepEd Memorandum No. 82 s. 2017.

Ginanap ang Orientation on the Utilization of DepEd Learning Management System (DLMS) sa SDO-Pasig City sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division Learning Resource Management and Development Section noong ika-26 ng Enero 2022, 8:00 ng umaga - 4:00 ng hapon via Zoom platform na kung saan nagbigay ng oryentasyon ukol sa DepEd Commons/Portal at LMS ang Head ng ICTS-EdTech Unit na si G. Mark Anthony C. Sy kasunod nito ay ipinaliwanag ni G. Mark Anthony F. Papa, Team Lead ng Digital Gateway Development Team ang mga nakapaloob sa LMS gayundin kung paano lubusang magamit ang Learning Resources.

Naging matagumpay ang oryentasyon at inaasahan na magagamit ng bawat guro ang DepEd Commons at DLMS para sa ikauunlad ng edukasyon ng bawat bata, bawat guro at ng buong sambayanan.

Para sa mga Division Offices na nais maunawaan, matututuhan at mapalalim ang kaalaman sa paggamit ng mga online platforms ng DepEd, maaari kayong magpadala ng liham sa pamamagitan ng email sa lms@deped.gov.ph. Ang buong puwersa ng ICTS-EdTech ay handa kayong gabayan tungo sa pagpapaunlad ng inyong kakayahan sa paggamit ng ICT. Simulan nating yakapin ang mga pagbabagong ito tungo sa maunlad na pamantayang pagtuturo para sa ikabubuti ng ating mga mag-aaral at mismong sa ating propesyon bilang mga makabagong guro ng panahon.

# BOSES AT ADBOKASIYA; RADIO-BASED INSTRUCTION PINAIIGTING NG DEPED

*Salvador E. Manansala I at Pamela Amor R. Villanueva*




Hindi lamang iisang beses na nating narinig na ang wika ay arbitraryo at dinamiko. Ito ay tulay at nagbabago.

Ang ganda ng wika hindi ba? Ito nga ang matibay na pundasyon sa malinaw na komunikasyon – kung saan sa ating panahon gamit na gamit ang lahat ng uri ng midyum upang maitawid ang impormasyon at edukasyon.

Kaya naman , sa panahon na sinubok ang DepED sa paniniguro na ang bawat kabataan ay makakamit ng kalidad na edukasyon , pinalakas ang wika sa mga midyum na alam ng kabataan .

Ang ONLINE, TV at Radyo ay sandatang arbitraryo at dinamiko na binigyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon bilang mga paraan kung saan maitatawid ang mga aralin sa bawat mag-aaral ng bansa. Inilunsad ang DepEd TV at nagkaroon ng DepEd ETUlay na mga learning modalities na naging pantulong sa mga guro, magulang at mag-aaral habang hindi pa muli nakababalik sa face-to-face classes.

Sa kabila nito, nakita pa rin ng DepEd ang pangangailangang masuportahan ang mga mag-aaral lalo pa sa mga lugar na hindi abot ng internet at signal ng telebisyon . At hindi nga naging bingi ang Kagawaran, malakas ang panawagan upang paigtingin ang DepEd Radio.

Kaya naman ang Kagawaran ng Edukasyon, sa pamamagitan ng Office of the Undersecretary for Administration (OUA) Information and Communications Technology Service-Educational Technology Unit (ICTS-EdTech), ay gumawa ng paraan upang ipagpatuloy ang adbokasiya na walang batang maiiwan gamit ng ating pinakamakapangyarihang sandata – ang ating mga boses.

Nagsagawa ang ICTS-EdTech Unit sa ilalim ng Broadcast Media and Streaming Team ng isang webinar series na naglalayong mahasa ang kakayahan ng mga guro at mapalawak pa ang abot ng ating adbokasiya. Naging matagumpay ang webinar na pinamagatang "School on Broadcast: Lessons On-Air (Contextualizing Lessons for DepEd Radio Broadcasting)" na naganap noong Enero 25-28, 2022.

Ang unang araw ng webinar ay pinangunahan ni Paula Yaptangco ng SDO-Malabon bilang tagapagdaloy ng programa. Sa kanyang pambungad na pananalita, isinaad ni Director Abram YC. Abanil, Director IV , ICTS na ang proyektong DepEd Radio ay naglalayong maipakita ang kakayahan ng mga guro na gawing RADIO-BASED INSTRUCTION ang mga TV-based lessons at modules. Samantala, binigyang-diin naman ni Mark Anthony C. Sy, Head ng ICTS-EdTech Unit, ang kahalagahan ng pakikinig sa boses ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag naman ng Project Lead for DepEd Radio Jann Wilbur C. Gale at Project Lead for DepED TV John Jefferson C. Sevilla ang rationale at expectations ng RBI project. Ang pinuno ng Broadcast Media at Streaming Team, Salvador E. Manasala I ay nagbigay ng pangkalahatang-ideya sa buong serye ng webinar.




Dinala naman sa memory lane ni Rhyan Malandog, Anchor at Assistant Program Director ng DZUP Balita Radio, ang mga guro sa kanyang panayam na "Broadcasting, a Glimpse and a Gist." Ibinahagi ni Malandog ang mahika ng radyo – isang dahilan kung bakit ito ay nananatiling buhay at makabuluhan sa anomang panahon.

Ibinahagi naman ni Anthony Augusto M. Garcia, SDO Mandaluyong Public Schools District Supervisor, ang kanyang panayam na "Radio Broadcasting in the New Normal" sa lahat ng mga gurong nakasubaybay sa unang araw ng nasabing webinar ang papel ng radio sa new normal. Binigyang-diin niya kung gaano ang karamihan sa mga Pilipino, lalo na ang mga nasa kanayunan, ay umaasa sa radyo bilang tanging mapagkukunan ng balita. Idinagdag din niya na ang RBI ay isa sa magandang modality lalo sa mga last miles schools. Tinalakay din niya ang mga benepisyo at maaaring maging kakulangan ng RBI ,kabilang ang pangangailangan nito ng content delivery plan at paghahanay sa MELCS .

Sinimulan naman ng tagapagdaloy ng programa na si Michael Maleriado mula sa CALABARZON ang mainit na pagtanggap sa lahat ng kalahok sa naturang webinar. Sa ikalawang araw ay hindi pinalampas ni Gerry L. Rivas, DepEd TV National Teacher Broadcaster, ang pagkakataong gamitin ang kanyang boses para magbigay ng inspirasyon sa mga guro sa RBI. Ipinakita ni Sir Gerry ang halaga ng distance learning sa kanyang panayam, "Dear All, Love Teacher: Remote Teaching and Learning Lessons on Air." Tinalakay niya ang iba't ibang katangian ng Lessons On -Air (LOA) at binalangkas ang mga yugto ng Radio Based Instruction .




Sinundan naman ni Jefferson S. Utanes, isang dubbing director at voice actor para sa ilan sa mga pinakakilalang karakter sa radyo at telebisyon gaya nina Son Goku, Jumong, Mickey Mouse, at iba pa, ang lecture-worshop na "Your Voice: Boss, Boost, Boon – The Speech Performance for Recording a Lesson-on-the-Air Program."

Nagpakitang-gilas si Sir Jeff sa harap ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagpaparinig ng kaniyang 75 boses. Ito ang kanyang naging lunsaran upang hikayatin ang mga guro na ilabas ang kanilang mga potensiyal sa voice acting. Aniya, malaking bahagi ang boses sa pagsasabuhay ng mga RBIs.




Pinantayan ng ikatlong araw ang init ng pagtanggap sa mga bagong kaalaman at kasanayan sa pamumuno ng tagapagdaloy ng program na si Mary Ann Ablihan ng SDO-Caloocan. Sa kanyang lektyur-workshop ay ginabayan ni Pamela Amor R. Villanueva, isang DepEd TV National Teacher Broadcaster at EdTech Specialist, ang mga guro sa pagsulat ng iskrip para sa Radio-Based Instruction. Ipinakilala sa kanyang panayam na "Lemme Listen to What is Written: Radio Script Writing Principles and the Standard Radio Script Format , ang mga estratehiya, uri at istilo sa pagsulat ng LOA o Lessons On-Air. Nagbigay din ng mga tips si Teacher Pam kung paano i-convert ang mga video lesson script sa RBI format .

Siksik ang huling araw ng serye ng webinar hinggil sa RBI. Tiniyak ni Deejay Santiago mula sa SDO-Caloocan bilang tagapagdaloy na mabibigyan ng sapat na pagkakataon ang bawat RBI presenter mula sa iba't ibang bahagi ng bansa na maipahayag ang kani-kanilang kuwento sa pagbuo ng output. Ipinarinig sa naturang webinar ang 13 RBI Outputs ng mga guro mula sa Luzon hanggang Mindanao. Bilang pampinid, hinimok ni Dir. Abanil ang mga kalahok na pag-ibayuhin ang pagbuo ng RBI upang mas lalong makatulong




sa mga mag-aaral.

Ang pagpapaigting ng Radio Based Instruction ay pagbibigay -lakas sa edukasyon. Sa pagsasatinig ng mga aralin sa himpapawid , mas malayo ang maaabot ng adbokasiya. Patunay na ang radyo ay pabago-bago, nagbabago, laging may bago, at nakakapagpabago – salamat sa lakas ng wika, ito ngayon ay arbitraryo at dinamiko .

Mananatiling sa pagsulong ng Edukalidad, ang mga gawain ng Kagawaran ay laging para sa bata, para sa guro, at para sa bayan.

EdTechayagan
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

## PATNUGUTAN

MARK ANTHONY C. SY
*Punong Patnugot*

APRELLENE B. MARQUEZ
ARIEL A. DELOS SANTOS
JESTER M. PAGKALIWAGAN
MAY ANTONETTE G. MAGWILI
PAMELA AMOR R. VILLANUEVA
RUBILYN C. PASTRANO
*Mga Manunulat*

ADRIYEL M. SANTIAGO
*Tagapag-anyo ng Pahina*

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

TOMO 1 • ISYU 1
PEBRERO 15, 2022

# EdTec hayagan

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DEPED ICTS-EDUCATIONAL TECHNOLOGY UNIT

## PARA SA MAS MAUNLAD NA KAALAMAN SA ICT, DEPED NAMAHAGI NG ADOBE CREATIVE CLOUD LICENSES SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

*Mark Anthony C. Sy*





Binigyang-pansin ng Department of Education (DepEd) ang paglinang sa kasanayan ng mga guro at mag-aaral sa larangan ng ICT sa pamamagitan ng pagbili nito ng 120,000 Adobe Creative Cloud Licenses para sa 47, 286 na pampublikong paaralan sa bansa.

Ang hakbang na ito ay alinsunod sa OUA Memo 00-1221-0147 na inilabas noong ika-23 ng Disyembre taong 2021. Ito ay naglalayon na masiguro na maihanda ang bawat paaralan sa Pilipinas sa pagtransisyon ng mga tradisyonal na kaparaanan ng pagtuturo sa pagyakap ng Classrooms of the Future.

Makatutulong din ang mga ito upang mahasa ang iba't ibang kasanayan ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng Adobe software sa pamamagitan ng paglikha ng digital arts, graphic posters and illustrations, at maging sa pagpoprodyus ng instructional video lessons. Ito ang magiging susi upang maipasa sa mas maraming guro ang kaalaman sa paggamit ng creative technologies na alinsunod sa malakas na tugon sa nagaganap na globalisasyon.

Ang pamamahagi rin ng kagamitang ito ay malaki ang maitutulong upang masolusyunan ang problema sa paggamit ng piniratang bersyon ng Adobe.

Samantala, patuloy naman ang ginagawang pagtulong ng DepEd sa pamamagitan ng programang Digital Rise upang hasain ang mga kasanayang teknolohikal ng bawat empleyado nang makasabay sa mabilis na pagbabago ng mundo sa larangan ng ICT.